THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 IKA-30 ANIBERSARYO NI GOV. "BONZ" DOLOR SA SERBISYO, IPINAGDIWANG

VOLUME 2 No. 12 Jan. 30, 2023 - Feb. 05, 2023

# MGA OPISYAL NG DOH, BUMISITA SA INAGURASYON NG RURAL HEALTH UNIT

SA NGALAN NI GOVERNOR BONZ DOLOR, kasama si Provincial Health Office-OIC Dr. Cielo Angela Ante, mainit na tinanggap sa Oriental Mindooro ni Provincial Administrator Dr. Hubbert Christopher Dolor si Department of Health (DOH) Officer In-Charge Dr. Maria Rosario S. Vergeire, Usec Nestor F. Santiago, Usec Maria Carolina Vidal -Taiño, DOH Regional Director Dr. Mario S. Baquilod at iba pang mga opisyal ng DOH sa pagbisita ng grupo ng mga naturang opisyal sa lalawigan kaugnay nang inagurasyon ng Rural Health Unit (RHU)-Puerto Galera noong Pebrero 2.

Kaugnay nito, binigyang diin ni PAMD Dolor sa kanyang mensahe ang aniya'y kahalagahan ng ganitong gawain kung saan tunay na nagpapakita ito na ang kolaborasyon nang lahat ng ahensya ng pamahalaan partikular ang sektor ng kalusugan at LGU ay nagreresulta ng mas epektibo, mas maayos at mas maaasahang serbisyong pangkalusugan na tiyak na maraming mga mamamayan ang makikinabang.

Sa ngalan pa rin ni Gov. Bonz at mga mamamayan ng isang Oriental Mindoro, buong kababaang-loob at direktang inilapit ni PAMD kay Sec. Vergeire ang matagal nang inaasam aniya ng Pamahalaang Panlalawigan na conversion nang kasalukuyang Oriental Mindoro Provincial Hospital (OMPH) sa pagiging Regional Hospital nito.

Sinabi rin niyang kaakibat nito ang pagkakataong maiangat pa ang level ng naturang ospital upang mas maging kapaki-pakinabang sa mga nangangailangang pasyente, maisisiguro ang mas malawak at mas tiyak na pag-access nang lahat ng Miñdoreño, maging nang mga kalapit probinsya sa mas maaasahaang serbisyong pangkalusugan na ibinibigay nito.

Kaagad naman itong sinang-ayunan at tinugon ni Sec. Vergeire. Nagpahayag siya ng pag-agapay upang tuluy-tuloy itong maiproseso na kailangan pa rin ang mga legal na hakbang. Sinabi rin niyang nais din aniya ng pamahalaan na sa bawat rehiyon sa buong bansa ay marapat na may regional hospital. Aagapayan aniya, pa, nang DOH Regional Office at ng DOH National sa kanilang tanggapan ang kahilingang ito.

Sinabi naman ng Kalihim na ang DOH ay may komitment na tulungan na maitaas ang antas ng level ng ospital ng LGU- Puerto Galera kaakibat ang patuloy na pagsisikap din nilang maitaguyod ang malawakang mga serbisyong pangkalusugan sa kabuuan ng bansa.

Nagpapasalamat rin aniya, siya, sa naturang LGU at sa kabuuan ng lalawigan ng Oriental Mindoro dahil sila mismo ang nagpupursigi upang magkaroon ng magandang pasilidad sa RHU at sa mga ospital sa kabuuan.

Binigyang diin naman ni DOH MIMAROPA Regional Director Baquilod na ang RHU ay napakahalagang pasilidad na mayroon ang isang komunidad. *"Ito ang navigator ng ating mga pasyente, kaya napakaimportante nito...Palapakan natin ang local officials sa facility na ito..."*

Maituturing namang isang malaking hakbang ito ng pamunuan ng DOH na tulungan hindi lamang ang RHU at ospital ng Puerto Galera kundi ang pangkalahatang serbisyong pangkalusugan para sa lahat ng mga Oriental Mindoreño.

Samantala, pinasalamatan at kinilala rin ni PAMD Dolor ang inisyatiba ng lokal na pamahalaan ng Puerto Galera na pinamumunuan ni Mayor Rocky Ylagan sa pagpupursige nitong mas maisayos pa at madagdagan ang health facilities ng kanilang bayan. (PIO Calapan)



THE TAMARAO JOURNAL
TAMARAO JOURNAL NEWS
PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER
RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER
RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF
MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER
JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS
MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN
REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT
THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com
WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: Katuwang ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO), namahagi ng food packs ang Ayala Foundation, Inc. sa ilang Mangyan communities sa lalawigan, Pebrero 2.

Kabilang sa tinungo ng grupo upang mamahagi ng food packs ang pamayanan ng Paitan sa bayan ng Naujan at Lantuyan sa bayan naman ng Baco.

Ayon kay Bb. Paz Bailon, kinatawan ng Ayala Foundation, napili nila ang mga Mangyan communities sapagkat sila rin ay apektado ng pagbaha na kasalukuyang nararanasan sa kapatagan. Dahil umano dito, hindi nila naibaba ang kanilang mga produkto upang ipagbili na malaki ang epekto sa kanilang kabuhayan.

Sa araw na ito, nasa pamayanan naman ng Banuton, Naujan ang grupo upang mamahagi rin ng food packs. Nasa humigi't kumulang sa 700 na pamilya ang nagkalooban ng tulong ng naturang foundation. (PIO Calapan)

---

TINGNAN: Muling namahagi ng relief goods ang Pamahalaang Panlalawigan sa mga naapektuhan ng pagbaha sa mga barangay sa Lungsod ng Calapan noong Pebrero 3.

Pinangunahan ang pamamahagi nina Provincial Administrator Hubbert Christoper "MD" Dolor at Vice-Governor Ejay Falcon kasama ang mga Sangguniang Panlalawigan Members ng Unang Distrito na sina Board Members Bong Brucal, Aleli Casubuan, Fay Ilano, RL Leachon, Jocy Neria at Edel Ilano.

Umabot sa 775 pamilya ang nakatanggap ng ayuda mula sa mga barangay ng Gutad, Nag-iba I, Nag-iba II, Sta. Cruz at Batino.

"Ano mang pagsubok ang dumating sa atin, ang mahalaga ay ligtas tayo at buhay upang itaguyod ang ating mga pamilya. Naririto kami sa inyong harapan upang ipakita sa inyo na mayroon pamahalaan na handang tumulong sa inyo sapagkat inyo kaming pinagkatiwalaan na mamuno sa inyo", ang mensahe sa mga ito ni Vice-Governor Ejay.

Sa kanya namang mensahe, sinabi ni PA Dolor na kahit wala ng baha sa araw na ito ay narito pa rin ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamumuno ni Governor "Bonz" Dolor upang maghatid ng kaunti man ngunit biyaya pa rin sa ating mga kababayan. Inuna lamang ang pamamahagi sa mga bayan ng Naujan at Baco na lubhang naapektuhan ng mga pagbaha dahilan sa walang tigil na pag-ulan sa mga nagdaang araw. "Sa ngalan ni Gob. Bonz, nais ipadama na ang Pamahalaang Panlalawigan ay naririto upang tumulong sa inyo. Makakaasa kayo na may gobyernong laging handang umalalay sa inyo sa anumang panahon", ang pahayag pa ni PA Dolor.

Taos-pusong pasasalamat naman ang ipinaabot sa Pamahalaang Panlalawigan ng mga opisyal ng barangay na pinagkalooban ng ayuda sa Lungsod ng Calapan. (PIO Calapan)



Juana's DINER
Steak • Bulaluhan • Tapsi atbp.
BONIFACIO STREET, BARANGGAY ILAYA, CALAPAN CITY, ORIENTAL MINDORO
(043) 398 1388



# IKA-30 ANIBERSARYO NI GOV. "BONZ" DOLOR SA SERBISYO, IPINAGDIWANG

IPINAGDIRIWANG ni Governor Humerlito *"Bonz"* Dolor ngayong taon ang kanyang ika-30 taong anibersaryo ng paglilingkod sa sambayanang Mindoreno.

Taong 1992, sa edad na 15 taong gulang, nahalal si Bonz Dolor bilang Sangguniang Kabataan (SK) ng Brgy. Adrialuna sa Naujan. Naging SK Municipal Federation President ng Naujan hanggang sa maging Provincial Federation President. Kaya sa edad na 21, siya ang pinakabatang naging Board Member ng Sangguniang Panlalawigan bilang kinatawan ng SK. Naging Bise-Gobernador ng siyam na taon at ngayon ay nasa kanyang ikalawang termino bilang Gobernador ng Oriental Mindoro.

Sa unang araw ng 30 araw ng pasasalamat sa mamamayang Mindoreno, pinangunahan ni Gob. Bonz ang turn-over ng 153 Barangay Health Emergency Response (BHERT) vehicle, anim na mini-dump trucks at isang dump truck sa mga benepisyaryong barangay sa Sentrong Pangkabataan, Sta. Isabel, Calapan City noong Enero 30.

Katuwang ng Gobernador sa gawain sina Vice-Governor Ejay Falcon, mga myembro ng Sangguniang Panlalawigan (SP) at mga municipal mayors.

*"Sa pagsisimula natin ng aking 30 araw na pasasalamat, makikita natin na ang Gobernador, ang SP at ang mga punumbayan ay nagkakaisa para sa lalawigan ng Oriental Mindoro. Ito ang nais at dalangin ko na paranasin ako sa sunod na dalawang taon pa ng aking termino na may kapayapaan, kapanatagan at pagkakaisa ng mga halal na opisyal"*, ang mensahe ng Gobernador sa okasyon.

Bilang bahagi ng 30th year caravan, sa mga susunod na araw ay mag-iikot ang Gobernador, Bise-Gobernador at mga myembro ng SP upang ipamahagi sa bawat bayan at lungsod ang 2022 cash incentive ng mga barangay official na kinabibilangan ng mga BHW, BNS, Day Care Workers at Brgy. Tanod. Kasama na rin dito ang kagamitan ng mga BHW at barangay tanod. Gayundin, mamamahagi ng pang-alalay sa edukasyon sa mga guro at mga paaralan.

Magkakaroon din ng Farmer's Day sa Una at Ikalawang Distrito kung saan magkakaloob ng pananim, binhi, abono at iba pang farm inputs sa mga magsasaka. Mga kagamitan naman sa pangingisda at ayuda sa mga pamilya ng mga mangingisda ang ipamamahagi.

Inimbitahan din ng Gobernador ang mga opisyal ng barangay sa ilang mahahalagang okasyon ngayong taon na ilulunsad ng Pamahalaang Panlalawigan: sa Marso 27 sa nakatakdang inagurasyon ng Oriental Mindoro Sports Complex at opening ng Provincial Meet sa Brgy. Santiago, Naujan, ang pagbubukas sa publiko ng Liwasan ng Mamamayan sa Calapan City, ang kauna-unahang musical dancing fountain park sa Abril 9 at ang muling pagbabalik ng Intertown Basketball Competition sa Mayo.

Ibinahagi rin ng Gobernador ang ilang proyekto na ipatutupad ng administrasyong Dolor-Falcon ngayon taon tulad ng pagpapakongkreto ng Montemayor, Masaguing, Herrera Road sa Naujan na nagkakahalaga ng P149 M at kalsada simula Calima, Buhay na Tubig, Bakawan sa Pola hanggang Ranzo sa Pinamalayan na nagkakahalaga naman ng P249 M na nagmula kay Senator Ronald *"Bato"* Dela Rosa ang pondo.

Matatapos na ang P50 M na unang building ng IT Park mula sa pondo ni Senator Bong Go, nakatakda na rin ang bidding para naman sa ikalawang building na nagkakahalaga ng P25M galing kay Senator Sonny Angara at isa pang gusali na nagkakahalaga ng P20M mula kay Senator Win Gatchalian.

Matatapos na rin ang unang pitong dalawang palapag na gusali samantalang sa 2nd quarter ng taon ay isusunod na ang walo pang magiging tanggapan at dormitory ng iba't ibang sektor ng lalawigan.


Sa Nobyembre naman ay nakatakdang matapos ang training center at dormitory sa Sentrong Pangkabataan.

Nakatakda na ring simulan sa susunod na buwan ang pagpapalalim ng mga kailugan sa lalawigan upang masolusyunan na ang paulit ulit na problema ng pagbaha.

*"Katuwang ang aking maybahay, punung-puno ang aking damdamin ng pasasalamat. Tandaan ninyo ito. Manatili si Bonz Dolor na lapat sa tao at tapat sa serbisyo, ang Gobernador ng sambayanang Mindoreno"*, pagwawakas ni Gob. Bonz.

Naging tampok din sa okasyon ang unveiling ng official seal ng Punong Lalawigan ng Oriental Mindoro. (PIO Calapan)





*"Sa pagsisimula natin ng aking 30 araw na pasasalamat, makikita natin na ang Gobernador, ang SP at ang mga punumbayan ay nagkakaisa para sa lalawigan ng Oriental Mindoro. Ito ang nais at dalangin ko na paranasin ako sa sunod na dalawang taon pa ng aking termino na may kapayapaan, kapanatagan at pagkakaisa ng mga halal na opisyal" - Governor Humerlito "Bonz" Dolor.*




THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 12 | Jan. 30, 2023 - Feb. 05, 2023

ELEVEN-ELEVEN MINI MART
NAUTICAL HIGHWAY SAPUL , CALAPAN CITY, ORIENTAL MINDORO

# *Examination Para sa Licensure Examination for Professional Teacher, Dinaluhan*

PATULOY NA INAASISTEHAN ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Public Employment Service Office (PPESO) ang Professional Regulations Commission (PRC) MIMAROPA na hanggang sa kasalukuyan sa ikalawang araw noong Pebrero 1 ay marami pa ring nagpapag-pa-file para sa March 2023 Licensure Examination for Professional Teacher (LEPT) na ginaganap sa Bulwagang Panlalawigan sa Provincial Capitol Complex, Calapan City.



Sa unang araw nito, mahigit sa 200 mga aplikante sa naturang eksaminasyon ang naproseso ng PRC kung saan kabilang sa kanila ang nagpalit ng venue para sa kanilang gagawing examination.

Matatandaang PRC lamang ang tanging nakakaalam sa mga proseso nito kung saan ang isang aplikante ay kailangan munang kumuha ng online appointment sa kanila. Samantalang bilang malaking suporta ng PGOM inilaan nito ang Bulwagang Panlalwigan para sa kumbinyente at accessible na lugar ng venue ng aplikasyon, pagtitiyak na sistematiko ang daloy nang nagpoproseso, at iba pang mahahalagang kailangan ng PRC staff sa kanilang pananatili ng dalawang araw sa lalawigan.

Matatandaan ding taun-taon ay naglalaan nang pondo sa gawaing ito ang Kapitolyo sa ilalim ng programa ng PPESO upang maraming mamamayan ang matulungan. Hindi naman maitatangging malaking katulungan talaga ito sa mga nagpo-proseso sa PRC. Sa halip anila, na idayo pa sa Lucena o sa Maynila malaking bawas at malaking katipiran ito sa kanilang gastos.

Samantala, makikitang halos inabot na ng madaling araw nitong Enero 31 sa unang araw nito ang mga aplikante sa kanilang pagpoproseso, gayundin, ang mga taga PRC at mga staff ng Pamahalaang Panlalawigan na walang sawang umaasiste para sa kapakanan at pagsisikap na mapabilis pa ang paglilingkod hindi lamang sa mga Oriental Mindoreños maging sa kabuuan ng Isla ng Mindoro at ng mga karatig probinsya na dumayo pa sa lalawigan. (PIO Calapan)



